

L.A. Care Cal MediConnect Plan *(Medicare-Medicaid Plan)*

2018

Gabay para sa Mga
Benepisyo sa Ngipin



LIBERTY Dental Plan of California, Inc.

Ang L.A. Care Health Plan ay isang plan sa kalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal para magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga miyembro nito. Bilang karagdagan sa mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal, ang L.A. Care Health Plan ay naghahandog ng mga benepisyo sa ngipin sa mga miyembro ng Cal MediConnect Plan nito. Ang LIBERTY Dental Plan ay nagbibigay ng inyong mga benepisyo sa ngipin sa ilalim ng isang kasunduan sa L.A. Care Health Plan. Ang booklet ng Mga Benepisyo sa Ngipin na ito ay karagdagan sa inyong *Handbook ng Miyembro* ng L.A. Care Cal MediConnect Plan. Tutulungan kayo ng booklet na ito sa impormasyon na dapat ninyong malaman tungkol sa inyong Dental Plan. Ipinapaliwanag nito kung paano ito gumagana at ang mga benepisyo sa ngipin ng L.A. Care Cal MediConnect Plan.

Kasama sa booklet na ito ang isang listahan ng mga sakop na serbisyo sa ngipin, mga limitasyon ng plano at mga serbisyo na hindi sinasakop. Kailangan din ninyong tingnan ang inyong *Handbook ng Miyembro* ng L.A. Care Cal MediConnect Plan para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo at pagsakop, kasama ang mga karagdagang benepisyo sa ngipin. Upang tulungan kayong pangasiwaan ang inyong mga benepisyo, ang booklet na ito ay may kasamang listahan ng mga serbisyo na hinahandog ng Estado ng California para sa mga miyembro ng Denti-Cal at Mga Prepaid na Plan sa Kalusugan (Prepaid Health Plans, PHP).

Ang L.A. Care Health Plan ay isang plan sa kalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal para magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga nakatala.

Makukuha ninyo ang impormasyong ito nang libre sa ibang mga format, tulad ng malalaking letra, braille, at/o audio. Tumawag sa **1-888-522-1298** (TTY: **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Libre ang pagtawag.

Sumusunod ang L.A. Care Health Plan sa naaangkop na mga batas ng pederal hinggil sa mga karapatang sibil at hindi nandiskrimina sa basehan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian.

If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call **1-888-522-1298** (TTY: **711**), 24 hours a day, 7 days a week, including holidays. The call is free.

Si usted habla español, los servicios de asistencia con el idioma estarán disponibles para usted sin costo. Llame al **1-888-522-1298** (TTY: **711**), las 24 horas del día, los 7 días de la semana, incluso los días festivos. La llamada es gratuita.

如果您說中文，您可免費獲得語言協助服務。請致電 **1-888-522-1298** (TTY: **711**)，服務時間為每週7天，每天24小時（包含假日）。這是免費電話。

Nếu quý vị nói Tiếng Việt, hiện có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí cho quý vị. Gọi **1-888-522-1298** (TTY: **711**), 24 giờ một ngày, 7 ngày một tuần, kể cả các ngày lễ. Cuộc gọi là miễn phí.

한국어를 사용하실 경우 언어지원서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 연중무휴로 이용할 수 있는 **1-888-522-1298** (TTY: **711**) 번으로 전화하십시오. 통화료는 무료입니다.

Եթե խոսում եք հայերեն, լեզվական աջակցության ծառայությունները հասանելի են Ձեզ անվճար: Չանգահարեք **1-888-522-1298** հեռախոսահամարով (TTY: 711), օրը 24 ժամ, շաբաթը 7 օր, ներառյալ տոն օրերը: Հեռախոսազանգն անվճար է:

إذا كنت تتحدث اللغة العربية، فإن خدمات المساعدة اللغوية، متوفرة لك، مجاناً. اتصل على **1-888-522-1298** (TTY: 711)، 24 ساعة في اليوم و7 أيام في الأسبوع، بما في ذلك أيام العطلات. هذه المكالمات مجانية.

Если вы говорите по-русски, вы можете воспользоваться бесплатными услугами переводчика. Звоните по телефону **1-888-522-1298** (TTY: 711), круглосуточно, без выходных, включая праздничные дни. Звонок бесплатный.

日本語のサービスを無料でご利用いただけます。**1-888-522-1298** (TTY: 711) までお電話ください。このサービスは年中無休(祝祭日を含む)でご利用いただけます。通話料は無料です。

اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، خدمات کمک در زمینه زبان بطور رایگان در اختیار شما قرار دارد. می توانید در تمام 24 ساعت شبانه روز و 7 روز هفته، حتی روزهای تعطیل با **1-888-522-1298** (TTY: 711) تماس بگیرید. تماس رایگان می باشد.

अगर आप हिंदी बोलते हैं, तो मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं, आपके लिए उपलब्ध हैं। अवकाश के दिनों समेत, दिन के 24 घंटे, सप्ताह के 7 दिन **1-888-522-1298** (TTY: 711) पर कॉल करें। कॉल नि:शुल्क है।

បើអ្នកនិយាយភាសា ខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា គ្មានបង់ថ្លៃ គឺមានស្រាប់ជួយអ្នក។ សូមទូរស័ព្ទទៅ **1-888-522-1298** (TTY: 711), 24 ម៉ោងក្នុងមួយថ្ងៃ 7 ថ្ងៃក្នុងមួយសប្តាហ៍រួមទាំងថ្ងៃឈប់ស្រមាក។ ការហៅទូរស័ព្ទនេះគឺមិនគិតថ្លៃទេ។

Kung nagsasalita ka ng Tagalog, magagamit mo ang mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa **1-888-522-1298** (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga piyesta opisyal. Libre ang pagtawag.

หากท่านพูดภาษาไทย เรามีบริการช่วยเหลือด้านภาษาให้คุณโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย โปรดโทรฟรี ที่หมายเลข **1-888-522-1298** (TTY: 711) ได้ตลอด 24 ชั่วโมง ทุกวัน ไม่เว้นวันหยุด

թո՞ղա՞ տան՞ Վրացական, միջնորդությունները լեզվական օգնություններով անվճար են: Կոչե՛ք **1-888-522-1298** (TTY: 711), 24 ժամ ամբողջ, 7 օր անընդմեջ, ընդհատումներով:

Yog koj hais lus Hmoob, muaj kev pab txhais lus pub dawb rau koj, hu rau **1-888-522-1298** (TTY: 711), 24 teev zhauv ib hnuv, 7 hnuv hauv ib asthiv, suav nrog cov hnuv so tib si. Qhov hu no yog hu dawb xwb.

ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਭਾਸ਼ਾ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਹੁੱਟੀ ਵਾਲੇ ਦਿਨਾਂ ਸਮੇਤ 24 ਘੰਟੇ, 7 ਦਿਨ **1-888-522-1298** (TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਕਾਲ ਮੁਫਤ ਹੈ।

Pahayag ukol sa hindi pandidiskrimina sa mga kapansin-pansing malaking lathalain o anunsyo:

Sumusunod ang L.A. Care Health Plan sa naaangkop na mga batas ng pederal hinggil sa mga karapatang sibil at hindi nandidiskrimina sa basehan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian. Ang L.A. Care Health Plan ay hindi nagtatangi ng mga tao o tinatrato sila nang iba dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian.

Ang L.A. Care Health Plan ay:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang mabisang makipag-ugnayan sa amin, tulad ng:
 - o Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - o Nakasulat na impormasyon na nasa iba pang mga format (malalaking letra, audio, naa-access na elektronikong format, iba pang mga format)
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - o Mga kwalipikadong interpreter
 - o Impormasyong nakasulat sa iba pang mga wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, mangyaring tawagan ang aming Member Services Department sa **1-888-522-1298** (TTY: 711).

Kung sa inyong palagay ay hindi naibigay ng L.A. Care Health Plan ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaaring kayong maghain ng karaingan/reklamo sa Tagapangasiwa ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Coordinator) ng L.A. Care Health Plan. Mayroon kayong dalawang opsyon sa paghahain ng karaingan/reklamo:

Maaari ninyong itawag ang isang karaingan/reklamo sa:

Member Services Department – **1-888-522-1298** (TTY: 711)

O maaari kayong magpadala ng nakasulat na reklamo sa:

Civil Rights Coordinator

c/o Compliance Department

L.A. Care Health Plan

1055 West 7th Street, 10th Floor

Los Angeles, CA 90017

Email: **civilrightscoordinator@lacare.org**

Maaari kayong maghain ng karaingan/reklamo nang personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng pagtawag, o sa pamamagitan ng email. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng karaingan/reklamo, nariyan ang Tagapangasiwa ng Mga Karapatang Sibil upang tulungan kayo. Maaari din kayong maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na makikita sa **<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>**, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services

200 Independence Avenue SW., Room 509F, HHH Building

Washington, DC 20201

1-800-868-1019, 800-537-7697 (TDD).

Makakakuha ng mga form sa pagrereklamo sa **<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>**.

Ano ang Dentista sa Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Dentist)?

Ang isang Primary Care Dentist ay tutulong sa pangangalaga ng inyong ngipin, kasama ang isang pagre-refer sa isang espesyalista kung kailangan. Hindi ninyo kailangan ng paunang pahintulot upang tumanggap ng mga serbisyo sa ngipin mula sa inyong Primary Care Dentist. Ang inyong Primary Care Dentist ang gumagawa ng karamihan sa mga pagpapasya sa pagsakop. Nakukuha ang mga pagtukoy sa pagsakop sa pamamagitan ng mga eksaminasyon sa bibig na sakop ng LIBERTY Dental Plan na may ilang mga limitasyon. Ang inyong Primary Care Dentist ay may pananagutan para sa pagsasabi sa inyo ng mga resulta ng eksaminasyon ng inyong bibig at pagpapayo sa inyo ng inyong mga benepisyo at anumang mga gastos.

Tiyakin na sabihin sa inyong dentista na miyembro kayo ng L.A. Care Cal MediConnect Plan kapag tumawag kayo para sa isang appointment.

Paano Kayo Pipili ng Inyong Primary Care Dentist?

Kailangan ninyong pumili ng isang Primary Care Dentist mula sa LIBERTY Dental Plan para sa anumang mga serbisyo sa ngipin na sinasakop ng L.A. Care Cal MediConnect Plan. Kung hindi kayo pipili ng dentista kapag nagpatala kayo o bago ang petsa ng pagsakop sa inyo, magtatalaga ng dentista sa inyo. Maaari kayong italaga sa alinman sa mga dentista ng network ng LIBERTY Dental Plan na nakalista sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo. Maaari ninyong piliing panatilihin ang dentistang ginagamit na ninyo kung lumalahok ang dentista sa LIBERTY Dental Plan. Maaari rin kayong pumili ng bagong Primary Care Dentist.

Kung pumupunta kayo sa isang dentista na wala sa network, kailangan ninyong hilingin na italaga sa isang dentista na nasa network. Kapag nakahanap kayo ng isang Primary Care Dentist, isulat ang kanilang impormasyon sa inyong enrollment form o tumawag sa Member Services ng LIBERTY Dental Plan bago ang petsa ng pagsakop sa inyo. Sa ilang mga pangyayari, kapag inaprubahan ng L.A. Care Cal MediConnect Plan, maaari kayong makakuha ng mga serbisyo mula sa mga tagabigay ng serbisyo na wala sa network.

Kakailanganin niyong magpatingin sa inyong nakatalagang Primary Care Dentist ng LIBERTY Dental Plan para sa mga serbisyo sa ngipin na sakop ng L.A. Care Cal MediConnect Plan. Para sa tulong sa paghahanap ng isang Primary Care Dentist, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan sa **1-888-700-5243** sa pagitan ng mga oras ng 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. (Oras sa Pasipiko), Lunes hanggang Biyernes. Dapat tumawag sa **711** ang mga gumagamit ng TTY.

Pagpapalit ng Inyong Primary Care Dentist

Maaari ninyong palitan ang inyong Primary Care Dentist anumang oras. Kung gusto ninyong palitan ang inyong Primary Care Dentist, maaari ninyong tawagan ang Member Services ng LIBERTY Dental Plan. Kung tatawag kayo sa ika-20 ng buwan, magkakabisa ang inyong pagbabago sa unang araw ng sumunod na buwan. Babaguhin ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan ang inyong talaan upang ipakita ang pangalan ng bago ninyong Primary Care Dentist at upang sabihin sa inyo kung kailan magaganap ang pagbabago. Para sa tulong sa paghahanap ng Primary Care Dentist, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan sa **1-888-700-5243** sa

pagitan ng mga oras ng 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. (Oras sa Pasipiko), Lunes hanggang Biyernes. Dapat tumawag sa 711 ang mga gumagamit ng TTY.

Ano ang dapat ninyong gawin kung kayo ay may mga bayarin mula sa mga tagabigay ng serbisyo na wala sa network na sa palagay ninyo ay dapat bayaran ng LIBERTY Dental Plan?

Kung makakakuha kayo ng bayarin mula sa isang tagabigay ng serbisyo na wala sa network para sa pangangalaga ng ngipin, hindi ninyo dapat bayaran ang bayarin. Ipadala ang bayarin na ito kasama ang impormasyon sa uri ng mga serbisyo na ginawa sa inyo sa LIBERTY Dental Plan para iproseso.

Ipapaalam namin sa inyo kung kailangan ninyong bayaran ang bayarin. Kung hindi kayo sumasang-ayon na kailangan ninyong bayaran ang mga serbisyo, mangyaring tingnan ang inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghiling ng apela o pagsasampa ng reklamo.

Ano ang lugar ng serbisyo para sa LIBERTY Dental Plan?

Ang LIBERTY Dental Plan ay pinaglilingkuran ang buong Los Angeles County, maliban sa zip code na 90704.

Kailangan ba ng Paunang Pahintulot ng Benepisyo?

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga mula sa isang espesyalista, kailangan ng LIBERTY Dental Plan ng pagsusumite ng paunang pahintulot mula sa inyong dentista. Tutugon ang LIBERTY Dental Plan sa kahilingan sa loob ng limang araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang form, maliban kung ito ay isang emerhensiya.

Kung makakakita ang inyong dentista ng agaran o seryosong banta sa inyong kalusugan, o kung makakasama sa inyong buhay o kalusugan ang normal na panahon para sa proseso ng paggawa ng desisyon, ang paghiling ng referral ay hindi dapat mahigit sa 72 oras. Sasabihin ang desisyon sa inyong Primary Care Dentist sa loob ng 24 na oras. Sa ilang mga pangyayari, sasabihin ang desisyon sa miyembro sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang impormasyon. Kung aaprubahan ang serbisyo sa inyo, bibigyan din kayo ng refund sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang mga impormasyon.

Sasakupin lamang ang lahat ng benepisyo sa ngipin kung ibibigay ng isang nakakontratang Primary Care Dentist o espesyalista ng LIBERTY Dental Plan. Dapat ninyong gamitin ang mga tagabigay ng serbisyo ng LIBERTY Dental Plan, maliban sa mga pang-emerhensiyang kalagayan. Ang tanging panahon na maaari kayong makatanggap ng pangangalaga sa labas ng network ay para sa mga emerhensiya gaya ng nakalista sa seksyong **Emerhensiyang Pangangalaga ng Ngipin** ng booklet na ito.

Emerhensiyang Pangangalaga ng Ngipin

Ang lahat ng primary care dentist ng LIBERTY Dental Plan ay maaaring magbigay ng mga emerhensiyang serbisyo sa ngipin nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung kailangan ninyo ng emerhensiyang pangangalaga ng ngipin, makipag-ugnayan sa inyong Primary Care Dentist upang magpa-iskedyul ng appointment.

Kung hindi ninyo makontak ang inyong Primary Care Dentist para sa mga pang-emerhensiyang serbisyo sa ngipin na maaaring mangyari pagkatapos ng oras ng trabaho o sa weekend, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan sa **1-888-700-5243**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**.

Wala sa lugar na pang-emerhensiyang serbisyo sa ngipin

Kung mayroon kayong emerhensiya na wala sa pinaglilingkurang lugar sa Estados Unidos, makipag-ugnayan sa kahit sinong lisensyadong dentista upang makakuha ng pangangalaga. Bibigyan kayo ng refund ng LIBERTY Dental para sa mga kwalipikadong mga gastos sa emerhensiya sa ngipin na hanggang \$75.

Nagbibigay lamang ng pagsakop ang plano para sa mga emerhensiyang serbisyo sa ngipin na wala sa pinaglilingkurang lugar kung kailangan ang mga serbisyo upang maibsan ang matinding pananakit o pagdurugo, o kung makatwirang pinaniniwalaan ng nakatala na ang kondisyon ay maaaring humantong sa pagkabaldado, kawalan ng kakayahang gumawa, at/o permanenteng pinsala sa inyong kalusugan o kamatayan, kung hindi masusuri o magagamot.

Ang emerhensiyang serbisyo sa ngipin at pangangalaga na wala sa pinaglilingkurang lugar na sakop ng LIBERTY Dental Plan ay may kasamang mga pagsusuri ng ngipin, mga eksaminasyon o pag-check up ng dentista o ng Espesyalista sa Ngipin. Ipapaalam sa inyo ng dentista kung mayroong umiiral na emerhensiyang kondisyon ng ngipin, at bibigyan kayo ng pangangalaga upang maibsan ang anumang mga emerhensiyang sintomas sa opisina ng dentista. Ang ibang mga uri ng mga emerhensiya ay hindi sinasakop ng LIBERTY Dental Plan kung ang mga serbisyo ay ginawa sa ospital at sinasakop ng planong medikal. Aalamin ng LIBERTY Dental Plan kung ang mga serbisyo ay walang kinalaman sa ngipin.

Mga refund para sa emerhensiyang pangangalaga ng ngipin na walang sa pinaglilingkurang lugar

Kung kailangan ng emerhensiyang pangangalaga ng ngipin, sasakupin ng LIBERTY Dental Plan ang hanggang \$75 para sa mga serbisyo bawat taon. Kung magbabayad ka ng bayarin para sa pang-emerhensiyang pangangalaga ng ngipin, magsumite ng kopya ng binayarang bayarin sa address na nasa ibaba:

LIBERTY Dental Plan
Attn: Claims Department
P.O. Box 26110
Santa Ana, CA 92799-6110

Mangyaring magsama ng kopya ng paghahabol mula sa opisina ng tagabigay ng serbisyo o ng isang pahayag ng mga serbisyo o invoice na madaling basahin. Ipadala ang inyong kopya o pahayag sa LIBERTY Dental Plan kasama ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang impormasyon ng inyong pagiging miyembro
- Ang pangalan ng taong tumanggap ng emerhensiyang pangangalaga
- Pangalan at address ng dentistang nagbibigay ng emerhensiyang pangangalaga ng ngipin
- Isang pahayag na nagpapaliwanag sa emerhensiyang pagpunta

Kung kailangan ng higit pang impormasyon, aabisuhan kayo sa sulat. Kung maaaprubahan ang inyong paghahabol, makakatanggap kayo ng refund sa loob ng 30 araw sa kalendaryo. Kung hindi maaaprubahan ang alinmang bahagi ng inyong paghahabol, makakatanggap kayo ng nakasulat na paliwanag ng mga benepisy (Explanation of Benefits, EOB) sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ng LIBERTY Dental Plan ang inyong paghahabol. Kasama sa EOB ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang dahilan kung bakit tinanggihan ang paghahabol.
- Sanggunian para sa mahalagang mga probisyon ng Booklet ng Impormasyon ng Benepisy kung saan ibinatay ang pagtanggap.
- Impormasyon sa inyong karapatang humiling ng muling pagsasaalang-alang ng pagtanggap at ang proseso upang magsampa ng isang karaingan.

Pangalawang Opinyon

Maaaring kailanganin ninyo ng pangalawang opinyon sa ngipin nang wala kayong babayaran, sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan sa **1-888-700-5243**. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa **711** o sa pamamagitan ng pagsulat sa:

LIBERTY Dental Plan
P.O. Box 26110
Santa Ana, CA 92799-6110

Ang inyong Primary Care Dentist ay maaari ring humiling ng pangalawang opinyon sa ngipin sa ngalan ninyo. Ang lahat ng kahilingan para sa pangalawang opinyon sa ngipin ay sinusuri ng LIBERTY Dental Plan sa loob ng limang araw pagkatapos matanggap ang kahilingan. Kapag naaprubahan na, gagawa ng mga pag-aayos ang LIBERTY Dental Plan para sa inyong pangalawang opinyon sa ngipin at ipapaalam sa dentista ang tungkol sa inyong mga alalahanin. Sasabihin sa inyo ang tungkol sa pag-aayos para makagawa ng appointment.

Ano Ang Dapat Gawin Kung Mayroon Kayong Problema o Reklamo

Maaari kayong humiling ng desisyon para sa pagsakop o umapela o magreklamo tungkol sa pangangalaga ng inyong ngipin. Maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care Cal MediConnect Plan sa **1-888-522-1298**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday, o tingnan ang inyong *Handbook ng Miyembro* ng L.A. Care Cal MediConnect Plan. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**.

Mga Sagot sa mga Karaniwang Tanong

Kasama ba sa plan ang Mga Espesyalista sa Ngipin?

Oo. Ang LIBERTY Dental Plan ay mayroong mga network ng Mga Espesyalista sa Ngipin. Kung kailangan ng pangangalaga na ibinibigay ng isang espesyalista, ire-refer kayo sa isang espesyalista pagkatapos mapangasiwaan ang inyong mga pangangailangan sa inyong Primary Care Dentist.

Paano ko malalaman ang magiging co-payment ko?

Walang mga co-payment para sa mga sakop na serbisyo. Kung mayroon kayong anumang mga tanong, tanungin ang inyong dentista bago kayo tumanggap ng inyong pangangalaga sa ngipin at/o bago tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan.

Paano Kung May Tanong Ako Tungkol sa Aking Plan sa Ngipin?

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan sa **1-888-700-5243** sa pagitan ng mga oras na 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. (Oras sa Pasipiko), Lunes hanggang Biyernes. Dapat tumawag sa **711** ang mga gumagamit ng TTY. Malulugod ang mga kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan na sagutin ang anumang mga tanong ninyo.

BAGO Magkakabisa sa Enero 1, 2018: Ang Mga Benepisyo ng Denti-Cal para sa Nasa Hustong Gulang ay ibinalik nang buo para magsama ng higit pang sakop na serbisyo. Ang mga karagdagang serbisyo ng LIBERTY Dental Plan ay ang magiging pangunahin ninyong pagkukunan ng pagsakop sa ngipin at ang mga serbisyo ng Denti-Cal ay ang magiging pangalawa ninyong pagkukunan ng pagsakop. Ang mga pahina viii-xii ay mayroong mga alituntunin, limitasyon at mga serbisyong sinasakop ng LIBERTY Dental Plan. Ang mga pahina xiii-xxv ay mayroong mga alituntunin, limitasyon at mga serbisyong sinasakop ng Denti-Cal.

Sinasakop ang mga sumusunod na benepisyo kapag ibinigay ng isang tagabigay ng serbisyo na nasa network ng LIBERTY Dental Plan. Lahat ng tuntunin kabilang ang pagtatalaga ng isang Primary Care Dentist, pagrekomenda sa isang espesyalista at mga kinakailangan para sa Paunang Pahintulot ay naaangkop gaya ng nakasaad sa itaas:

Code ng CDT	Paglalarawan	Co-Payment
DIYAGNOSTIKO		
D0140	Limitadong pagsusuri ng ngipin	\$0
D0180	Kumprehensibong pagsusuri ng gilagid at ngipin	\$0
D0240	Occlusal film sa loob ng bibig	\$0
D0273	Mga bitewing, 3 film	\$0
PANG-IWAS		
D1310	Pagpapayo ukol sa pagkain para makontrol ang sakit sa ngipin	\$0
D1320	Pagpapayo ukol sa tabako, pagkontrol/pagpigil ng sakit sa bibig	\$0
D1330	Tagubilin para sa kalinisan ng bibig	\$0
PAGPAPANUMBALIK SA DATING AYOS		
D2720	Crown, resin na may mataas na noble metal	\$0*
D2721	Crown, resin na ang karamihan ay base metal	\$0
D2722	Crown, resin na may noble metal	\$0*
D2750	Crown, porcelain na ihinalo sa mataas na noble metal	\$0*
D2751	Crown, porcelain na ihinalo sa ang karamihan ay base metal	\$0
D2752	Crown, porcelain na ihinalo sa noble metal	\$0*
D2790	Crown, buong cast na mataas na noble metal	\$0*
D2791	Crown, buong cast na ang karamihan ay base metal	\$0
D2792	Crown, buong cast na noble metal	\$0*
D2933	Prefabricated na stainless steel crown na may resin window	\$0
D2950	Core buildup, kabilang ang anumang mga pin	\$0
D2951	Pagpapanatili ng pin, kada ngipin, bilang karagdagan sa pagbabalik sa dating ayos	\$0
D2953	Bawat karagdagang hindi direktang fabricated post, parehong ngipin	\$0*
PAGGAMOT NG DENTAL PULP		
D3110	Pulp cap, direkta (hindi kasama ang panghuling pagbabalik sa dating ayos)	\$0
D3120	Pulp cap, hindi direkta (hindi kasama ang panghuling pagbabalik sa dating ayos)	\$0
D3320	Bicuspid (hindi kasama ang panghuling pagbabalik sa dating ayos)	\$0
D3330	Molar (hindi kasama ang panghuling pagbabalik sa dating ayos)	\$0

Code ng CDT	Paglalarawan	Co-Payment
ENDODONTIC - PAGGAMOT NG DENTAL PULP (Ipinagpatuloy)		
D3331	Paggamot ng sagabal sa root canal; hindi ooperahan	\$0
D3332	Di-kumpletong endodontic therapy, hindi maibabalik	\$0
D3347	Muling paggamot sa dating root canal, bicuspid	\$0
D3348	Muling paggamot sa dating root canal, molar	\$0
D3410	Apicoectomy (pag-alis ng ugat ng ngipin)/periradicular (sa paligid ng ugat ng ngipin) na pag-oopera, sa harapan	\$0
D3421	Apicoectomy (pag-alis ng ugat ng ngipin)/periradicular (sa paligid ng ugat ng ngipin) na pag-oopera, bicuspid	\$0
D3425	Apicoectomy (pag-alis ng ugat ng ngipin)/periradicular (sa paligid ng ugat ng ngipin) na pag-oopera, molar	\$0
D3426	Apicoectomy (pag-alis ng ugat ng ngipin)/periradicular (sa paligid ng ugat ng ngipin) na pag-oopera, bawat karagdagang ugat	\$0
MAY KAUGNAYAN SA GILAGID O PALIGID NG NGIPIN		
D4341	Scaling at root planing ng gilagid, 4+ na ngipin/quad.	\$0
D4342	Scaling at root planing ng gilagid, 1-3 ngipin/quad.	\$0
D4355	Buong bibig na paglilinis ng sugat (tinatangal ang mga namumuo sa paligid ng ngipin, sa ibaba ng mga gilagid)	\$0
D4381	Lokal na paglalagay ng agent na panlaban sa mikrobyo/kada ngipin	\$0
D4910	Pagpapanatili ng mga tisyu sa gilagid	\$0
D4999	Hindi tinukoy na pamamaraan na may kaugnayan sa gilagid, batay sa ulat	\$0
NATATANGGAL NA PROSTHODONTICS (Mga pustiso)		
D5211	Maxillary (sa itaas) na di-buong pustiso, resin base	\$0
D5212	Mandibular (sa ibaba) di-buong pustiso, resin base	\$0
D5213	Maxillary (sa itaas) na di-buong pustiso, cast metal na framework/ resin base	\$0
D5214	Mandibular (sa ibaba) na di-buong pustiso, cast metal na framework/ resin base	\$0
D5421	Ayusin ang di-buong pustiso, maxillary (sa itaas)	\$0
D5422	Ayusin ang di-buong pustiso, mandibular (sa ibaba)	\$0
D5640	Palitan ang mga sirang ngipin, kada ngipin	\$0
D5650	Magdagdag ng ngipin sa kasalukuyang di-buong pustiso	\$0
D5660	Magdagdag ng clasp sa kasalukuyang di-buong pustiso	\$0
D5740	Muling ilinya ang maxillary (sa itaas) na di-buong pustiso, chairside	\$0
D5741	Muling ilinya ang mandibular (sa ibaba) na di-buong pustiso, chairside	\$0

Code ng CDT	Paglalarawan	Co-Payment
NAKAPIRMING PROSTHODONTICS (Mga bridge)		
D6240	Pontic, porcelain na ihinalo sa mataas na noble metal	\$0*†
D6241	Pontic, porcelain na ihinalo sa ang karamihan ay base metal	\$0†
D6242	Pontic, porcelain na ihinalo sa noble metal	\$0*†
D6750	Crown, porcelain na ihinalo sa mataas na noble metal	\$0*†
D6751	Crown, porcelain na ihinalo sa ang karamihan ay base metal	\$0†
D6752	Crown, porcelain na ihinalo sa noble metal	\$0*†
MGA PAGBUNOT AT PAG-OPERA SA BIBIG		
D7310	Alveoloplasty (pagpapakinis ng ridge ng gilagid) na may kasamang mga pagbunot, 4+ na ngipin, quadrant	\$0
D7311	Alveoloplasty (pagpapakinis ng ridge ng gilagid) na may mga pagbunot, 1–3 ngipin, quadrant	\$0
D7320	Alveoloplasty (pagpapakinis ng ridge ng gilagid) na walang pagbunot, 4+ na ngipin, quad.	\$0
D7321	Alveoloplasty (pagpapakinis ng ridge ng gilagid) na walang pagbunot, 1–3 ngipin, quad.	\$0
D7910	Pagtahi ng bagong maliliit na sugat na hanggang 5 cm	\$0
MGA KARAGDAGANG PANGKALAHATANG SERBISYO		
D9310	Pagkonsulta, iba sa humihiling na dentista	\$0

*MGA ALITUNTUNIN:

Kung ia-upgrade ang sakop na benepisyong upang isama ang bakal na hindi nasisira o lubhang hindi nasisira, maaaring singilin ng tagabigay ng serbisyo ang miyembro ng karagdagang halaga sa laboratoryo ng in-upgrade na bakal.

Ang porselana o resin na isasama sa mga bakal na crown sa molar na ngipin ay itinuturing na isang pag-upgrade. Kung magbibigay ng porselana o resin na isasama sa bakal na crown sa isang molar na ngipin, maaaring singilin ng tagabigay ng serbisyo ang miyembro ng karagdagang halaga sa laboratoryo ng porselana o resin.

Ang porselana o resin na isinama sa mga crown na gawa sa bakal ay mga sakop na benepisyong para sa mga ngipin na malapit sa unahan at bicuspid.

Ang cast na gawa sa bakal para sa mga pagbabalik sa dating ayos ay mga sakop na benepisyong para sa molar na ngipin.

Hindi hihigit sa dalawang (2) quadrant ng periodontal scaling at root planing kada appointment/kada araw ang pinahihintulutan.

†MGA ALITUNTUNIN para sa mga Artipisyal na ngipin (Pontic) at Pansuportang Crown:

Ang mga nakapirming bridge ay sinasakop lamang gaya ng inilarawan sa ibaba:

Sinasakop ang fixed bridge na malapit sa unahan ng ngipin (porselana na isinama sa base na bakal na bumubuo dito) kasunod ng kamakailang pagbunot ng hanggang dalawang ngipin na malapit sa unahan kapag:

- Ang binunot na mga ngipin ay ang mga ngipin na nawawala lamang sa arko (maliban sa ika-3 molar), at;
- Ang ikinabit na ngipin na malapit sa tabi ng binunutang ngipin ay mayroong mabuting prognosis.

Ang mga naaangkop na code ng pamamaraan para sa fixed bridge na malapit sa unahan:

- D6751: isang ikakabit na crown para sa isang ngipin sa tabi ng puwang ng binunutang ngipin
- D6241: ang kapalit na ngipin (pontic)
- D6751: ikakabit na crown para sa ngipin sa kabilang bahagi ng puwang ng binunutang ngipin

Kung ia-upgrade ang sakop na benepisyong upang isama ang bakal na hindi nasisira o lubhang hindi nasisira, maaaring singilin ng tagabigay ng serbisyo ang miyembro ng karagdagang halaga sa laboratoryo ng in-upgrade na bakal.

MGA LIMITASYON:

1. Ang mga iksamen ng bibig ay sinasakop ng isang beses sa bawat anim (6) na magkakasunod na buwan.
2. Ang pagpapanatili ng gilagid ay sinasakop nang isang beses tuwing anim (6) na magkakasunod na buwan.
3. Ang mga crown at pontic ay mga benepisyo sa parehong ngipin nang isang beses lamang bawat limang (5) taon, at alinsunod sa kinikilala sa propesyon na mga pamantayan ng gawain sa ngipin.
4. Ang pagpapalit ng buo at di-buong mga pustiso ay sinasakop nang isang beses kada arch bawat limang (5) taon, maliban kung hindi mapapagana ang mga ito sa pamamagitan ng muling pagpapantay o pag-aayos.
5. Ang mga muling pagpapantay ng pustiso ay sinasakop nang dalawang (2) beses kada taon, at kapag naaalinsunod lamang sa kinikilala sa propesyon na mga pamantayan sa gawain sa ngipin.

MGA HINDI KASAMA:

1. Anumang pamamaraan na hindi partikular na nakalista bilang isang sakop na benepisyo.
2. Pagpapalit ng nawala o ninakaw na mga prosthetic o mga kasangkapan kabilang ang mga crown, bridge, mga di-buong pustiso at mga buong pustiso.
3. Anumang paggamot na hiniling, o mga kagamitan na ginawa, na hindi kailangan sa pagpapanatili o pagpapahusay ng kalusugan ng ngipin, o para sa pagpapaganda lamang maliban kung sakop bilang isang benepisyo.
4. Paggamot na nag-aayos ng mga sungki-sungking ngipin.
5. Mga pamamaraan na itinuturing na sinusubukan, mga paggamot na kinabibilangan ng mga implant o mga paraan ng paggamot.
6. Pag-opera ng bibig na nangangailangan ng pag-aayos ng mga bali sa buto o pagkawala sa lugar ng buto.
7. Pagkakaospital.
8. Pangkalahatang anesthesia, analgesia (pampaalis ng pananakit), pagpapakalma na ibinibigay sa ugat o kalamnan o ang mga serbisyo ng isang anesthesiologist.
9. Paggamot na sinimulan bago naging karapat-dapat ang miyembro, o pagkatapos mawala ang pagiging karapat-dapat ng miyembro.
10. Ang mga pamamaraang natukoy na hindi kailangan ng ngipin alinsunod sa kinikilala sa propesyon na mga pamantayan ng gawain sa ngipin.
11. Ang mga kasangkapang kailangan upang dagdagan ang patayong dimensiyon o ibalik ang pagkalapat.
12. Mga pamamaraan, kasangkapan o mga pagbabalik ng dating ayos upang iwasto ang karamdaman sa ngipin na nakuha mula nang ipinanganak, habang lumalaki o dahil sa paggamot, kasama ang ngunit hindi limitado sa: myofunctional (hal. therapy para sa pagsasalita), myoskeletal o mga hindi maayos na paggana ng temporomandibular joint (hal. mga pag-aayos o pagwawasto sa mga buto ng mukha).

13. Paggamot ng mga kanser, cyst, o neoplasm.
14. Anumang mga serbisyong ginawa sa labas ng nakatalagang tanggapan ukol sa ngipin, maliban kung malinaw na pinahihintulutan ng LIBERTY Dental Plan, o maliban kung nakabalangkas at sinasakop bilang “Pang-emerhensiyang Pangangalaga sa Ngipin” sa inyong *Hanbook ng Miyembro*.

Mga Tanong Tungkol sa Mga Hindi Kasama at Mga Limitasyon

Kung kayo ay may mga tanong tungkol sa Mga Hindi Kasama at mga Limitasyon sa benepisyo na ito, kausapin ang inyong Primary Care Dentist o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan bago tumanggap ng paggamot. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan sa **1-888-700-5243** sa pagitan ng mga oras na 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. (Oras sa Pasipiko), Lunes hanggang Biyernes. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-735-2929**. Ikalulugod ng mga kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng LIBERTY Dental Plan na magbigay sa inyo ng impormasyon o sagutin ang inyong mga tanong.

Aayusin ng LIBERTY Dental Plan para sa inyo upang tumanggap kayo ng mga serbisyo mula sa Nakakontratang Espesyalista sa Ngipin kung ang kinakailangang paggamot ay nasa labas ng saklaw ng Karaniwang Pag-aaral tungkol sa Ngipin. Sisimulan ng inyong Primary Care Dentist ang proseso ng pagre-refer sa LIBERTY Dental Plan. Ang tamang proseso ng pagre-fer ay kailangang gamitin para sa mga serbisyo ng espesyalista upang masakop sa ilalim ng inyong plano. Ang mga X-ray para sa pagsusuri ay mga benepisyo sa tanggapan lamang ng Primary Care Dentist.

Ang mga sumusunod na benepisyo ay sinasakop kapag ibinibigay ng isang tagabigay ng serbisyo ng Denti-Cal/PHP, na magkakabisa sa Enero 1, 2018. Mangyaring tingnan ang inyong handbook ng Denti-Cal/PHP o Ebidensiya ng Pagsakop (Evidence of Coverage, EOC) para sa mga detalye ng kumpletong pagsakop, kabilang ang mga alituntunin, hindi kasama at mga limitasyon:

Code ng CDT	Paglalarawan	Co-Payment
DIYAGNOSTIKO		
D0120	Paminsan-minsang pagsusuri ng bibig	\$0
D0150	Kumprehensibong pagsusuri ng bibig	\$0
D0160	Pagsusuri ng bibig, nakatuon sa problema	\$0
D0170	Muling pagsusuri, limitado, nakatuon sa problema	\$0
D0180	Kumprehensibong pagsusuri ng gilagid	\$0
D0210	Sa loob ng bibig, kumpletong serye (kabilang ang mga bitewing)	\$0
